# Si Ramon at Si Bantay



Bakit maraming takot sa kagat ni Bantay?

WaPak! RABIS

Wastong Pagsugpo Kontra Rabis




Niregaluhan si Ramon ng kanyang nanay ng isang aso.

"Ramon, huwag na huwag mo papakawalan si Bantay." sabi ng kanyang nanay.

Masayang-masaya si Ramon tuwing kalaro niya ang aso niyang si Bantay habang ito ay nakatali.

"Arf arf arf!" ang tahol ni Bantay.





Isang araw, sinuway niya ang kanyang nanay at pinakawalan si Bantay upang ipakita sa kaibigan niyang si Julia.

Dahil hindi kilala ni Bantay si Julia, kinagat niya ito habang naglalaro silang tatlo.

“Aray! Tulungan mo ako Ramon!” ang sigaw ni Julia.





Umiyak si Julia dahil sobrang sakit ng kagat ni Bantay.

“Tara Julia, tanungin natin si nanay kung anong dapat gawin.” ang sabi ni Ramon.






"Ang UNA mong gawin ay HUGASAN mo ang iyong sugat ng SABON at MARAMING TUBIG." ang sabi ng nanay ni Ramon kay Julia.

Ang susunod na gagawin ni Julia ay MAGPABAKUNA PARA HINDI SIYA MAGKAROON NG RABIS.



Magaling na ang sugat ni Julia at nakaiwas pa siya sa pagkakaroon ng RABIS dahil naging maagap sila.

Masaya na ulit sila lahat at makakakapaglaro na sila ulit ni Ramon.



Reprinted by

GARC | GLOBAL ALLIANCE FOR RABIES CONTROL
rabiesalliance.org

This material was developed and used for a rabies awareness activity conducted by students of the University of the Philippines Manila - College of Medicine; and submitted as part of the entry for the One Health Challenge competition in 2013 initiated by the Global Alliance for Rabies Control with support from Merial.

Sa pagtutulungan kasama ang/si:

VETERINARY MEDICAL STUDENTS' SOCIETY 1980

GAWAD KALINGA

SANOFI

DR. FLORIDA MARIANO

CITY OF LAS PIÑAS PHILIPPINES

PHILIPPINES

ARMED FORCES OF THE PHILIPPINES
ALUMNI ASSOCIATION